1

# Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct (GMRC)*

Kuwarter 1

Linggo 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

.

**Bumuo sa Pagsusulat**












| | |
|---|---|
| **Writer:** | Joyce Orillosa |
| **Content Editor:** | Melynda T. Andres, Joselita Gulapa, Juliet P. Quezon |
| **Illustrator:** | Jay Michael A. Calipusan |
| **Layout Artist:** | Camelka A. Sandoval |






**Management Team**


Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources


| .MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | Una |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag unawa sa sariling pagpapahalaga sa mga yaman mula sa kapaligiran. | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga yaman na mula sa kapaligiran upang malinang ang pagiging mapagpasalamat. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yamang mula sa kapaligiran.<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran.<br>b. Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>c. Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang mga yaman mula sa kapaligiran.<br><br>Nakikilala na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa | Nailalarawan ang mga yaman mula sa kapaligiran.<br><br>Nasasabi na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa. | Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran.<br><br>Naipaliliwanag na sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa. | Naipamamalas na ang pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br><br>Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yamang mula sa kapaligiran. |
| *E. Lilinanging Pagpapahalaaga* | **Mapagpasalamat (Gratitude)** | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Sariling Pagpapahalaga sa Mga Yaman mula sa Kapaligiran | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | GMRC 1 MATATAG Curriculum Guide; *https://kwfdiksiyonaryo.ph* | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Awit: "Sa Likod ng Bahay" o anomang awiting may kaugnayan sa yaman sa paligid | Kuwentong Pambata tungkol sa Pinagmulan ng Daigdig<br><br>Larawan ng sumusunod: | Krayola<br><br>Mga larawan ng: | *Concept Map* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>*puzzle* ng dagat<br><br>larawan ng bundok na may nagtatanim ng puno *(ilalagay ito ng guro sa manila paper na kukulayan ng mga mag-aaral)*; | <br><br><br><br><br> | <br><br><br><br><br> | <br><br><br> |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>*Clay/dough*<br><br>*broken line* na puno na hitik sa bunga, may ugat, may mga sanga at dahon *(babakatin ito ng mga mag-aaral)*<br><br><br>drowing ng mag-anak na nasa bakuran kung saan ang tatay at nanay ay nagtatanim ng halaman, ang kuya naman ay nagpapatuka ng mga | <br> | <br><br>*(Paalala sa guro: ang lahat ng larawan ay gagawing 6-piece puzzle na ilalagay sa loob ng 8 brown envelopes)*<br><br> | Pagkukulay ng pangungusap sa *cartolina strip*:<br><br>**Salamat O Diyos sa Biyaya ng Yaman-tubig.**<br><br>Larawan at patalastas:<br> |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | manok, at sina ate at bunso ay nagwawalis<br>*(kukulayan ito ng mga mag-aaral)*<br><br>*Slide deck presentation* | |  | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Sabihin sa mga mag-aaral**: Magandang araw sa inyong lahat.<br>Bago tayo magsimula ay tumayo tayo para sa isang panalangin.<br><br>**Ipaawit:** “Sa Likod ng Bahay”<br>*(**Note sa Guro**: Malayang lapatan ng himig ayon sa inyong kultura).*<br><br>Sa Likod ng Bahay<br><br>Mga bata, mga bata<br>Humanda, humanda<br>Sa likod ng bahay (2x)<br>Magwalis, maglinis<br>Bungkalan ang halaman<br>Magdilig ng puno; Pakainin ang aso, pusa, manok, at pato<br>Pati na ang baboy at kambing.<br>Tayo na, tayo na. | **Sabihin sa mga mag-aaral**: Magandang araw sa inyong lahat.<br>Bago tayo magsimula ay tumayo tayo para sa isang panalangin.<br><br>**Balik-aral:**<br><br>**Itanong sa mga mag-aarl:**<br><br>Tungkol saan ang pinag-aralan natin kahapon?<br><br>Magbigay kayo ng halimbawa ng biyaya mula sa kapaligiran?<br><br>Dapat ba nating ingatan ang ating kapaligiran? Bakit?<br><br>**Basahin ang kuwento ng Pinagmulan ng Daigdig** | **Sabihin sa mga mag-aaral**: Magandang araw sa inyong lahat.<br>Bago tayo magsimula ay tumayo tayo para sa isang panalangin.<br><br>**Iparinig sa klase ang tula na may pamagat na Salamat sa Diyos.**<br><br>Salamat sa Diyos<br><br>“Salamat po O Diyos<br>sa biyayang kaloob;<br>Sa hangin at sa araw;<br>Sa lupa at sa bundok<br>Sa mga puno at halaman<br>Sa mga hayop at iba pang biyaya<br>Salamat po sa aking kapuwa na nangangalaga sa lahat ng Iyong biyayang nilikha. | **Sabihin sa mga mag-aaral**: Magandang araw sa inyong lahat.<br>Bago tayo magsimula ay tumayo tayo para sa isang panalangin.<br><br>**Balik-aral:**<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano-ano ang mga biyaya na mula sa anyong-lupa?<br>2. Paano natin ipinakikita ang pasasalamat sa Diyos sa biyaya ng yaman-lupa?<br><br>Ipakita sa mga mag-aaral ang *‘concpet map’*.<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral**:<br>1. Ano-ano ang mga larawan sa *‘concpet map’*.? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Itanong sa mga mag-aaral**:<br>1. Ayon sa awit, saan nagpunta ang mga bata?<br><br>2. Bakit sila nagpunta doon?<br><br>3. Ano-ano ang kanilang nakita na binanggit sa awit? | *(Paalala sa guro: Humanap ng halos katulad na kuwento para sa mga mag-aaral na iba ang relihiyon, tulad ng mga Muslim.)*<br><br>Ang Pinagmulan ng Daigdig<br><br>Noon ay madlim na madilim ang daigdig. Pinaghiwalay ng Diyos ang daigdig upang magkaroon ng liwanag. Tinawag Niya ang liwanag na **araw** at ang kadiliman na **gabi**. Ito ang unang araw at gabi.<br><br>Sa ikalawang araw, hinati naman ng Diyos ang mga tubig sa pagitan ng mga ulap sa langit at ang mga karagatan sa lupa. Bumuo ang Diyos ng malalaking karagatan at tuyong lupa. Pinangalanan niya ang mga tubig na **dagat** at ang tuyong lupain ng **lupa**. Ginawa niyang maganda ang lupain sa pamamagitan ng mga bulaklak, prutas, halaman, at puno. Ito naman ang ikatlong araw.<br><br>Sa ikaapat na araw, nilikha ng Diyos ang araw na sumisikat sa buong maghapon. Pagkatapos ay | **Itanong sa mga mag-aaral**:<br>1. Ano ang pamagat ng tula?<br>2. Kanino nagpapasalamat ang tumutula?<br>3. Bakit dapat magpasalamat sa Diyos?<br>4. Nagpapasalamat ka rin ba sa Diyos? Bakit? | <br><br><br>2. Sino sa inyo ang nakapunta na sa ilog?<br><br>3. Malinis ba ang ilog na iyong napuntahan? Bakit kaya?<br><br>4. Sino naman ang nakapunta na sa *beach*?<br><br>5. Malinis ba sa *beach* na iyong napuntahan? Bakit kaya?<br><br>6. Ano-ano ang mga yaman na nanggagaling sa tubig?<br><br>7. Paano natin mapangangalagaan ang yaman-tubig? |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | nilikha Niya ang buwan at ang mga bituin upang tumanglaw sa gabi.<br><br>Sa ikalimang araw, nilikha ng Diyos ang mga isda sa dagat at ang mga ibon sa langit. Binasbasan Niya ang mga nilalang upang dumami sila.<br><br>Sa ikaanim na araw, lumikha ang Diyos ng mga hayop sa lupain, ang ilan ay naglalakad at ang ilan naman ay gumagapang.<br><br>Lumikha rin ang Diyos ng tao, isang lalaki at isang babae, na ayon sa sariling larawan Niya. Sinabihan Niya ang mga tao na pangalagaan ang isa't isa at magkaroon ng mga anak. Pinagkatiwalaan din ang lalaki at babae na alagaan ang lupain at mga hayop<br><br>Masaya ang Diyos sa lahat ng Kaniyang nilikha. Sa ikapitong araw, ang Diyos ay nagpahinga Ang mundo ay naging maganda at puno ng buhay.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>a. Sino ang lumikha ng daigdig? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | b. Ano-ano ang mga nilikha ng Diyos?<br>c. Bakit nilikha ng Diyos ang tao?<br>d. Ano ang dapat gawin ng tao sa mga nilikha ng Diyos?<br>e. Dapat bang pasalamatan ang Diyos sa mga nilikha Niya para sa tao? Bakit?<br>f. Papaano mo naman iniingatan at inaalagaan ang mga nilikha ng Diyos gaya ng:<br>- halaman at puno?<br>- hayop?<br>- tubig?<br>- kapaligiran? | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• matutukoy ang mga yaman mula sa kapaligiran; at<br>• makikilala na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• mailalarawan ang mga yaman mula sa kapaligiran; at<br>• masasabi na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa. | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• maipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran; at<br>• maipaliliwanag na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa. | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Sa aralin natin sa araw na ito, inaasahan na inyong:<br>• maipamamalas na ang pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa; at<br>• maipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yamang mula sa kapaligiran. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin. *(Maaaring naka-slide deck* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ngayon ay ating pag-usapan ang ilang salita upang mas maunawaan ang ating aralin. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Alamin ang ibig sabihin ng sumusunod:<br>a**. *Clean and Green* –** gawain ng isang pangkat | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Ating alamin ang ibig sabihin ng salitang:<br>**pag-iingat** – pangangalaga; paggawa ng anuman upang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *presentation, at ang iba ay maaaring lagyan ng larawan gaya ng kapaligiran, likas na yaman, at yaman mineral*)<br>a. **pag-iingat** – ito ay ang pagbibigay ng halaga o pag-aalaga sa isang tao, bagay, hayop, o halaman<br>b. **kapaligiran** – ito ay ang nakikita natin sa ating paligid na likha ng Diyos kaya dapat na alagaan<br>c. **likas na yaman** – ito ang mga bagay na likha ng Diyos gaya ng puno, halaman, hayop, tubig, lupa, bituin, araw, buwan, at marami pang iba<br>d. **yaman- mineral** – ito ay iba't ibang yaman na makikita sa kapaligiran gaya ng ginto, tanso, marmol, langis, at marami pang iba. | a. **daigdig** - mundo<br>b**. kasaysayan** - kuwento<br>c**. pinagmulan** – pinanggalingan<br>d. **paglikha** – paggawa | tungkol sa paglilinis ng kapaligiran at pagtatanim<br>b**. kapatagan** – malawak na lupang ginagawang tirahan ng mga tao at tinataniman ng palay, mais, iba't ibang gulay, at halaman<br>c. **kabundukan** – mataas na anyong lupa, maraming iba't ibang puno, halaman, at hayop na karaniwan ay mababangis at hindi makikita sa mga tahanan at kapatagan, kaunti lamang ang nakatirang tao<br>d. **kagubatan** – lugar kung saan makikita ang kakaibang puno, halaman, at hayop, halos hindi tinitirhan ng mga tao<br>e. **mababangis** – kakaibang uri ng mga hayop na sa kabundukan o kagubatan makikita | maiwasan ang panganib, pagkakamali, kapahamakan o pagkasira |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Muli nating awitin ang, "Sa Likod ng Bahay."<br>**Itanong sa mga mag-aaral**:<br>a. Ano-ano ang mga nasa likod ng bahay na binanggit sa awit?<br>b. Aling bahagi ng awit ang nagsasabi ng pangangalaga sa kapaligiran? | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Ang Diyos ang may likha ng lahat sa daigdig. May kasaysayan ang pagkakalikha at pinagmulan ng daigdig. Ingatan at pangalagaan natin ang likha ng Diyos.<br>Nararapat lamang na pasalamatan ang Diyos sa lahat ng biyaya niya sa atin. | **Isa-isang ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan.**<br>a  | **Aawitin ng Guro sa tono ng 'Tong-tong-tong, Pakitong-kitong.'**<br>**Ipaawit sa buong klase kasabay ng guro.**<br><br>May pusit, may tahong sa ilalim ng dagat;<br>May isda, may hipon sa ilalim ng dagat;<br>May pusit, may tahong, may isda, may hipon; |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Tama. Ang mga ito ay ang iba't ibang yaman sa ating kapaligiran. Hindi lamang mga puno, halaman, at hayop ang yaman sa ating kapaligiran.<br><br>Ang lupa, bahaging tubig at mga mineral ay yaman din sa ating kapaligiran. Ang lahat ng ito ay biyayang kaloob ng Diyos. Lahat ng ito ay dapat na ingatan, pangalagaan, at pahalagahan upang hindi maubos.<br>*(maaaring naka-slide deck presentation)* | **Ipakita sa klase. Basahin ito para sa mga mag-aaral.**<br><br><br>**Itanong sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano ang makikita sa larawan?<br><br>2. Anong pagpapahalaga ang ipinapakita sa larawan?<br><br>3. Dapat ba silang gayahin? Bakit? | **Itanong:**<br>• Ano ang nangyayari sa lupa kung patuloy ang pag-agos ng tubig?<br>• Ano kaya ang mangyayari sa mga halamang nakatanim dito?<br>b. <br><br>**Itanong:**<br>• Ano ang maaaring mangyari kung may pagguho ng lupa?<br>• Ligtas kayang tumira at magtanim sa lugar na gumuguho ang lupa? Bakit?<br>c. <br><br>**Itanong:**<br>• Tama ba na gawing basurahan ang bakanteng lote? Bakit? | May pusit, may tahong,<br>sa ilalaim ng dagat**.**<br><br>**Itanong sa mga mag-aaral**:<br>a. Tungkol saan ang ating inawit?<br>b. Ano-ano ang mga yaman ng dagat na binanggit sa awit?<br>c. Saan makikita ang pusit, tahong, isda, at hipon?<br>d. Mabubuhay kaya ang mga pusit, tahong, isda, aat hipon kung marumi ang tubig sa dagat?<br>e. Bakit ba marurumi ang mga tubig sa dagat?<br>f. Ano ang gagawin mo bilang isang bata upang makatulong sa pag-aalaga ng yaman-tubig?<br><br>**Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Gaya ng yaman-lupa, ang yaman-tubig ay kailangan din pangalagaan at ingatan. Maiiwasan ang pagkaubos ng yaman-tubig kung pananatilihin natin itong malinis. Pasalamatan natin ang Diyos sa pagbibigay ng yaman-tubig na kinukuhanan natin ng pagkain, inumin, at iba pang gamit sa ating mga bahay. |




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Sabihin sa mga mag-aaral:** Ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang anyong lupa at anyong-tubig.<br>Malalawak ang kapatagan sa Pilipinas. May mga bundok at kagubatan din sa ating bansa.<br>Sa mga anyong-lupa na ito nabubuhay ang iba't ibang uri ng puno, halaman, at hayop.<br>Sa mga puno, halamang nakatanim sa kapatagan at kabundukan nangagaling ang ating kinakain sa araw-araw. Sa mga halaman at puno nanggagaling ang mga prutas, gulay, at bigas. Ang mga gamit natin sa paggawa ng bahay at gusali ay mula naman sa mga malalaking puno mula sa kagubatan. Ang mga mesa, upuan, kabinet, at iba pang kagamitan ay mula dn sa mga puno.<br>May mga halamang gamot din ang nabubuhay sa kapatagan at kabundukan.<br>Maging ang mga itlog, gatas, at karne ay mga biyaya rin mula sa mga hayop na nabubuhay sa kapatagan at kabundukan.<br>Kaya marapat lamang na maging mapagpasalamat sa Diyos na lumikha ng mayamang kapaligiran. | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad*<br>*ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan*<br>*sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Pangkatang Gawain**<br><br>Hatiin sa apat o lima ang klase.<br>*Pangkat 1*<br>– Puzzle ng dagat<br><br>*Pangkat 2*<br>– pagkukulay ng kabundukan na may mga tao na nagtatanim ng puno<br><br>*Pangkat 3*<br>– gamit ang *clay/dough* ay bumuo ng iba't ibang hayop na makikita sa bukid *(farm)*<br><br>*Pangkat 4*<br>– pagbakat ng larawan ng isang puno na may mga bunga, maraming dahon, sanga, at ugat<br><br>*Pangkat 5*<br>– larawan ng mag-anak na tulong-tulong na naglilinis, nagtatanim at nagdidilig ng halaman sa hardin | **Pang-isahang Gawain**<br><br>Papiliin ang mga mag-aaral sa kung ano ang nais na gawin.<br><br>a. Pagguhit sa *bond paper* ng pinakagusto niya sa mga nilikha ng Diyos. Pagkatapos ay kukulayan ito.<br><br>b. Pagdikit ng pira-pirasong papel sa bawat letra sa nakasulat sa *bond paper* o matigas na karrton na: Salamat Po O Diyos sa mga Biyaya.<br><br>**Salamat po O Diyos sa mga Biyaya.** | **Pangkatang Gawain**<br><br>1. Hatiin sa walong pangkat ang klase.<br>2. Bigyan ng tig-isang *envelope* na may nakalagay na *puzzle* ang bawat pangkat.<br>3. Ipabuo ang *puzzle* sa mga mag-aaral sa loob ng isang minuto. | **Pangkatang-Gawain**<br><br>Hatiin sa lima ang klase.<br><br>*a. Unang Pangkat*<br>Ipaawit ang Tong-Tong-Tong, Pakitong-kitong kasabay ang pagpalakpak o pagtapik sa ibabaw ng *desk* o *arm chair*<br><br>*b. Ikalawang Pangkat*<br>Kulayan ang Poster<br><br>*c. Ikatlong Pangkat*<br>Ipabuo ang *puzzle*<br><br>d. *Ikaapat Pangkat*<br>Pagkukulay ng pangungusap sa *cartolina strip*: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | c. Pagguhit sa loob ng kahon ng regalo na gusto niyang ibigay sa kaniya ng Diyos. Pagkatapos ay kulayan ito.<br><br>Regalo na gustong ibigay ng Diyos | | **Salamat O Diyos sa Biyaya ng Yaman-tubig.**<br><br>e. *Ikalimang Pangkat*<br>Pagkukualy ng larawan at patalastas:<br> |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Pagkatapos ng gawain ay itanong sa bawat pangkat ang sumusunod:<br><br>***Pangkat 1:***<br>• Ano ang inyong nabuo sa *puzzle*?<br>• Sino sa inyo ang nakapunta na sa dagat o *beach*?<br>• Kung kayo ay magdadala ng pagkain sa pupuntahang dagat o beach, ano ang dapat | Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang napiling gagawin.<br><br>*Mga gabay na maaaring gamitin ng guro para sa pagbabahagi ng mga mag-aaral:*<br><br>• Ano ang iyong napiling gawin?<br><br>• Magkuwento ng tungkol sa iyong napiling gawin. | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Ano ang nabuo ng :<br>- unang pangkat?<br>- ikalawang pangkat?<br>- ikatlong pangkat?<br>- ikaapat na pangkat?<br>- ikalimang pangkat?<br>- ikaanim na pangkat?<br>- ikapitong pangkat?<br>- ikawalong pangkat?<br><br>b. Sino ang may likha ng lahat ng nasa larawan? | **Itanong sa mga mag-aaral:**<br>a. Tungkol saan ang inawit ng unang pangkat?<br>b. Masarap ba at ligtas kainin ang mga isda, hipon, alimango, at pusit mula sa maruming tubig? Bakit?<br>c. Ano ang ginagawa ng mga tao sa poster?<br>d. Dapat ba silang pasalamatan? Bakit?<br>e. Ano kaya ang mangyayari kung pati maliliit na isda ay huhulihin? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ninyong gawin sa mga pinagkainan?<br><br>***Pangkat 2:***<br>• Ano ang inyong kinulayan?<br>• Paano iniingatan ang kabundukan sa larawan?<br><br>***Pangkat 3:***<br>• Ano-anong hayop ang inyong ginawa gamit ang *clay/dough*?<br>• Papaano ninyo inaalagaan ang mga alagang hayop?<br><br>***Pangkat 4:***<br>• Anong larawan ang inyong binakat?<br>• Paano dapat alagaan ang mga halaman at puno?<br><br>***Pangkat 5***<br>• Paano ipinakita ng mag-anak ang pangangalaga sa kapaligiran? | | c. Ano ang dapat mong gawin upang hindi maubos o mawala ang mga biyaya mula sa mga halaman at puno sa kapatagan, kabundukan at kagubatan? | f. Sino ang pinasalamatan sa ginawa ng ikaapat na pangkat?<br>g. Bakit dapat pasalamatan ang Diyos sa biyaya mula sa yaman-tubig?<br>h. Dapat bang pasalamatan ang naglalagay ng patalastas gaya ng ginawa ng ikalimang pangkat? Bakit? |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | **Sabihin at itanong sa mga mag-aaral**:<br>Batay sa ating napag-usapan at inyong mga ginawa, ano-ano ang yaman sa ating kapaligiran?<br>Ano ang dapat gawin upang hindi masira at maubos ang yaman sa ating kapaligiran? | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Ngayon ay pinag-usapan natin ang pagkalikha ng daigdig. Inihanda muna ng Diyos ang lahat ng kakailanganin ng mga tao – ang araw, buwan, mga bituin, iba't ibang puno at halaman, at mga hayop upang magamit ng mga tao. | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Ang pagpapasalamat ay isang Magandang pagpapahalaga. Ugaliin ang maging mapagpasalamat sa kapuwa at higit sa lahat sa Diyos na may gawa ng lahat ng yaman sa daigdig.<br>**Itanong sa mga mag-aaral**: | **Sabihin sa mga mag-aaral**:<br>Batay sa ating pinag-aralan, ang pangangalaga at pag-iingat sa yaman-tubig ay paraan ng pasasalamat sa Diyos. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Tayong lahat ngayon ay inaasahang mahalin, ingatan, at pangalagaan ang mga biyayang kaloob ng Diyos. Ito ay ang ating paraan upang ang Diyos ay ating mapasalamatan.<br><br>*Maaring itanong ng guro:*<br>• Ikaw, napapasalamatan mo ba ang Diyos sa biyayang tinatanggap mula sa kapaligiran?<br>• Papaano mo pinasasalamatan ang Diyos?<br><br>Maaring maging sagot ng bata:<br>• magdasal po<br>• magpasalamat po. | a. Anong salita ang dapat nating banggitin sa lahat ng mga biyayang kaloob ng Diyos na mula sa mga anyong lupa?<br><br>b. Bakit dapat pasalamatan ang Diyos? | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa gawain.<br><br>**Panuto:**<br>Tingnan ang mga larawan. Piliin kung alin sa mga ito ang nagpapakita ng pag-iingat sa yaman sa kapaligiran. Isulat sa inyong kuwaderno ang bilang ng larawan na inyong napili. | Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa gawain.<br><br>**Panuto.**<br>Babasahin ng iyong guro ang panalangin. Punan ang patlang ng tamang salita mula sa kahon. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel. | Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa gawain.<br><br>**Panuto:**<br>Pakinggan ang babasahin ng iyong guro. Isulat sa iyong sagutang papel ang salitang TAMA kung tama ang ipinahahayag sa pangungusap, at MALI kung hindi.<br><br>1. Ang nagpuputol ng mga puno sa kabundukan na nagbubunga ng pagbaha ay dapat pasalamatan. | Basahin at ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto para sa gawain.<br><br>**Panuto.**<br>Babasahin ng iyong guro ang panalangin. Punan ang patlang ng tamang salita mula sa kahon. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. <br>2. <br><br>3. <br>4. <br>5.  | aalagaan<br>biyaya<br>iingatan<br>pagmamahal<br>salamat<br><br>O, Diyos, marami pong ___________ sa kaloob na mga ___________. Nangangako po ako na _________ ko ang mga halaman, puno, at mga hayop.<br><br>Salamat po O Diyos sa __________ sa amin.<br><br>Amen. | 2. Ang nagtatapon ng basura sa bakanteng lote ay hindi dapat pasalamatan.<br><br>3. Ang nagbabaon sa lupa ng mga pinagbalatang prutas at gulay upang maging pataba ay dapat pasalamatan.<br><br>4. Pasalamatan ang Diyos sa mga biyaya mula sa kapaligiran.<br><br>5. Pasalamatan ang nakikiisa sa *'Clean and Green'* sa inyong barangay. | Diyos<br>basura<br>isda<br>tubig<br>halamang-dagat<br><br>Salamat po O ______, sa yamang- _______. Kami ay may pang-ulam na _______ . Pangako po na iiwasang magtapon ng ________ sa ilog at dagat upang _________ ay dumami pa.<br><br>Amen. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 6.  | | | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Sa tulong ng iyong magulang o kasama sa bahay, sumulat ng isang maikling panalangin ng psasalamat sa Diyos sa mga biyayang kaloob. | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: Nirebyu ni: Pinagtibay ni:

Guro ______________________ Master Teacher / Head Teacher ______________________ School Head ______________________